Taon XXXVII Blg. 6 Marso 21, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Paigtingin ang armadong pakikibaka!

•ahigpit na hinihingi sa lahat ng mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga kadre at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na uboskayang paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ito ang nararapat gawin ng BHB bilang tuqon sa malawak na panawaqang puksain ang pasistang halimaw sa Malakanyang, pasiglahin ang hayag at rebolusyonaryong kilusang masa at isulong ang digmang bayan tungo sa susunod na subyugto ng estratehikong depensiba.

Alinsunod sa atas ng Komite Sentral, ipinananawagan ng Partido sa lahat ng Pulang kumander at mandirigma ng BHB na patatagin ang determinasyon na panghawakan ang malakas na bwelo ng mga taktikal na opensiba.

Ituluy-tuloy ang serye ng mga taktikal na opensiba na sinimulan noong Setyembre 2005 na siyang pinakalaganap, pinakamasinsin at pinakasustinido mula noong 1992. Higitan pa natin ang dami at dalas ng mga nailunsad na taktikal na opensiba at ang bilang ng sandatang nasamsam. Ibayo pa nating itaas ang kasanayan ng mga Pulang mandirigma, lalong patatagin ang



kanilang militansya at palakasin ang diwang palaban ng mamamavan.

Ang bwelong ito ng mga taktikal na opensiba ng BHB ay malinaw na nagpapatunay na hinog ang mga kalagayang obhetibo at suhetibo para sa pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya. Napakainam ng kasalukuyang kalagayan at nakahihigit pa sa ilang aspeto kung ihahambing sa unang hati ng dekadang 1980 nang makamit ang malaking pagsikad ng armadong pakikibaka.

Labis ang kabangisan ng pasistang halimaw sa Malakanyang. Su-

balit sa likod ng matatalas at duguang mga pangil ni Gloria Arroyo, lubhang mahina at batbat ng sakit ang kanyang rehimen. Wala pang kapantay ang lalim ng sosyo-ekonomikong krisis na kinatatampukan ng laganap na kagutuman, matinding kasalatan, kabang-yamang walang laman, giba-gibang industriya at agrikultura at mas mataas na antas ng disempleyo.

Ang pangunahing mga armadong instrumento ni Arroyo ay niyayanig ng masidhing internal na alitan. Ang kontra-rebolusyonaryong digmang Bantay Laya mula 2001 ay bigo sa paggapi sa arma-

Mga tampok sa isyung ito...

Pasistang halimaw PAHINA 3

Walang habas na pamamaslang PAHINA 6 Lumalawak ang ligalig sa China

PAHINA 14

dong pakikibaka. Sa harap ng pagigting ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa buong bansa, tumatambad ang mga kahinaan ng AFP-PNP: ang malawak na demoralisasyon sa hanay ng mga karaniwang upisyal at sundalo, ang labis na pagkabatak ng pwersa at rekurso nito at ang labis na pagkahiwalay nito sa mamamayan.

Naninindak at nananalanta ang halimaw. Itinutuon nito ang kanyang buong bangis sa di armadong mamamayan at mga pwersang lumalaban kay Arroyo. Pero sa katunayan, ang bangis ng rehimeng Arroyo ay nagmumula sa desperasyong kumapit sa poder sa harap ng malawak na kilusang nagpapalayas dito. Si Arroyo ang siyang nasisindak at takot na takot sa bayang nagkakaisa, nag-aalsa at lumalaban.

Dapat magdulot ng maririing bigwas laban sa papet at pasistang rehimeng US-Arroyo at sa buhong na kampanya nito ng terorismong estado. Dapat parusahan ang rehimen at ang mga armadong galamay nito upang maipahayag ang malalim na galit ng sambayanan at mabigyang-diin na hindi papayag ang mamamayan na walang habas na

lapastanganin ang kanilang mga karapatan.

Sa paglakas ng armadong pakikibaka, nahihikayat ang mamamayan na palakasin din maging ang mga paglabang di armado at ang mga paglabang ligal at iligal. Gayundin, lumalaki ang puwang para sa pagpapalakas at pagpapalawak ng mga samahang masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika at pagsusulong ng mga pakikibakang masa sa mas mataas at mas masaklaw na antas.

Kaugnay nito, mahiqpit nating panghawakan ang mga tungkulin upang ibayo pang isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Alinsunod sa atas ng Komite Sentral, dapat bigyang-prayoridad ng BHB ang mga aksyong anihilatibo na tiyak ang panalo at natitiyak ang pagsamsam ng dagdag na armas at mga kagamitang pandigma. Kasabay nito, pinahahalagahan at binibiqyan ng partikular na pansin ang mga aksyong may malaking bisa sa pulitika, kabilang ang pagpaparusa sa pinakamasasahol na pasistang kriminal, mandarambong at manghuhuthot, mga death squad, mga makinarya sa paniktik at mga espesyal na yunit ng AFP-

PNP na dumudukot, tumotortyur at namamaslang ng mga aktibista at karaniwang mamamayan, at ang pagbira sa mga pinakatapat na nagtatanggol at nagpapakasangkapan sa paghaharing Arroyo.

Gayundin, patuloy na palawakin at pasiglahin ang pagpopropaganda at pag-oorganisa sa loob ng AFP-PNP-CAFGU. Habang sinisikap nating makipag-alyansa sa mga positibo at progresibong pwersa, independyente rin tayong mag-organisa ng mga lihim na grupo o lambat ng mga rebolusyonaryo at iba pang kontak sa hanay ng mga sundalo at pulis. Kailangang papurulin ang anti-komunista at "anti-teroristang" pananakot na ginagamit ng AFP-PNP upang linlangin ang mga tauhan nito at magamit sila sa pagtatanggol sa bulok na rehimen at naghaharing sistema.

Dapat pagtuunan ng pansin ng mga namumunong komite ng Partido sa buong bansa ang mga usapin at gawaing militar. Dapat tiyaking mapaigting ang digmang bayan sa buong haba at lapad ng kapuluan. Dapat tiyaking makapag-aambag ang buong organisasyon ng BHB. Tungkulin ng mga namumunong komite ang pagbubuo ng mga plano at pagtitiyak ng pwersa at rekurso.

Magpakahusay sa paniniktik at pagkakahon sa mga target. Maging mapanlikha sa pagtukoy ng mga target, pagbabalak ng mga operasyon at pagtukoy ng mga taktika upang matagumpay na mailunsad ang mga pananambang at pagsalakay. Engganyuhin ang inisyatiba at pakilusin ang mga Pulang mandirigma sa batayang antas. Pakilusin din ang mga yunit milisya at masang magsasaka sa iba't ibang tungkulin sa armadong pakikibaka.

Patuloy na bakahin ang tendensyang maging konserbatibo at pasibo sa harap ng pananalakay ng

Bayan

Taon XXXVII Blg. 6 Marso 21, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Pasistang halimaw	3
Si Ka Bel at ang Batasan 5	4
Panunupil sa masmidya	6
Walang habas ang pamamaslang	6
Ika-38 anibersaryo	
ng Jabidah Massacre, ginunita	7
Tuloy ang laban upang	
patalsikin ang rehimen	8
Mga opensiba ng BHB	9
Si Kasamang Cecilio Mariano	10
Ang "matagalang digma" ng US	11
Malawakang rali sa France	13
Lumalawak ang ligalig sa China	14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pasistang halimaw

atuloy and mga pasistand pang-aatake ng rehimeng Arroyo. Peke at walang silbi ang pag-atras nito sa Presidential Proclamation 1017 dahil tuluy-tuloy pa rin ang paglalatag nito ng todo-todong pasismo laban sa mamamayan. Katunayan, lalo pa ngang sumahol ang pasistang bangis nito. Paulit-ulit din ang banta nito na muling ipapataw ang PP 1017 oras na malagay muli sa alanganin ang paghahari ng rehimen. Bukod rito, kung anu-anong executive order, dikreto at batas (tulad ng BP 880 ng diktadurang Marcos) ang muling binubuhay o binabaluktot ng rehimen para lamang magawa ang gusto nito. Kung may nakahahadlang na mga batas ay isinasaisantabi o iniikutan lamanq anq mga ito.

Kasabay ng pasistang propa-

ganda ng Malakanyang at ng AFP, ng patuloy na panunuhol para mapanatili at magparami ng mga kakampi sa Kongreso, mga lokal na pamahalaan, mga korte at sandatahang lakas at ng paspasang pagtutulak ng Chacha (pagbabago ng konstitusyon), sa desperasyon nito ay humantong na rin ang rehimen sa pagsandig sa pasistang panunupil bilang pangunahing paraan para makapanatili sa poder. Ang desperadong pagsandig nito sa pasista at mersenaryong militar at pulisya ay tahasang kinumpirma ng tagapagsalita ng AFP na si Col. Tristan Kison nang sabihin niyang "ang pananaig o pagbagsak ng rehimen ay nakasalalay sa militar." Aniya, kaya umano nananatili pang "buo" ang bansa sa kabila ng lahat ay dahil nananatili ang suporta ng militar kay Arroyo. Kaagad namang pinalitan si Kison kinabukasan dahil sa kabi-kabilang batikos na tinamo ng rehimen bunga ng pag-amin niyang ito.

Sa katunayan, ang pangunahing sinasandigan ni Arroyo sa mabuway na hawak nito sa sandatahang lakas ay ang iilan niyang pinagkakatiwalaan pang mga namumunong heneral at iba pang loyalistang upisyal. Patuloy na ligalig ang kalakhan ng sandatahang lakas at malawak ang pagkadisgusto sa hanay ng nakararaming nakababatang upisyal at mga tauhan ng militar at pulisya. Ang ipinakikitang bangis ng rehimen ay bangis ng nasusukol na halimaw.

Ibayo pang tumindi ang desperasyon ni Arroyo bunsod ng lalong paglawak ng galit ng mamamayan at pagkakahiwalay niya matapos ideklara ang "state of national emergency" at ipataw ang mga mapanupil na PP 1017 at mga General Order No. 5 at No. 6. Ayon sa pinakahuling sarbey ng Pulse Asia nitong Marso, tatlo sa bawat limang tao ang walang tiwala kay Arroyo. Pinakamalawak ang kawalang-tiwala at galit ng mamamayan kay Arroyo sa lahat ng mga naging presidente ng bansa. Mahigit 65% ang qustong matanggal na siya sa poder. Lalong ikinagalit ng mamamayan ang mga nakita nilang pang-aabuso bunga ng mga pasistang dikreto at hakbangin ng rehimen.

Noon pa mang Enero, itinatag na nito ang Inter-agency Legal Action Group (IALAG) upang mamamahala sa lahat ng pagkakaso at paglilitis sa mga kaaway nito sa pulitika. Kinakatulong din ni Arroyo ang pasistang institusyong Center for Strategic Studies upang ilunsad ang todo-todong anti-komunistang kampanya at ikundisyon ang isip ng mamamayan na tanggapin ang kanyang pasistang paghahari. Pangunahing opereytor ni Arroyo sa kampanyang ito ang pina-



"Editoryal," mula sa pahina 2

kaaway. Huwag magwalang-bahala. Huwag magpatumpik-tumpik sa pagsulong. Huwag matakot sa mga sakripisyo at hirap. Maging masigasig at mapangahas habang nananatili ang pagiging masusi at masinop sa pagbigo sa pananalakay ng kaaway at pagsusulong ng digmang bayan sa panibagong antas at saklaw.

kamasugid na kleriko-pasista sa bansa na si Fr. Romeo Intengan, na ngayo'y umiikot sa hanay ng simbahan at sa buong bansa upang ibenta ang mga pasistang patakaran ng rehimen. Katambal ni Intengan sa kampanyang ito ang kapwa niya kleriko-pasista na si National Security Adviser Norberto Gonzales.

Naglabas din ang rehimen ng listahan ng mga "wanted" na ina-akusahan nitong mga "rebelde." Hindi mga kriminal na may hatol ang isinama sa naturang listahan kundi mga kalaban nito sa pulitika. Tahasan nitong binabalewala ang mga batayang karapatang sibil ng sinumang akusado at isinasaisantabi ang sistema ng hustisya.

Isinama na rin nito sa listahan ng mga taong aarestuhin ang mga binigyan ng imunidad sa ilalim ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na pinirmahan noong 1995 ng National Democratic Front at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Sukdulang pagtataksil at tahasang paglabag ito sa lahat ng nauna nang mga pinagkasunduan ng dalawang panig. Sa hakbang na ito ni Arroyo, tuluyan nang pinapatay ng rehimen ang usapang pangkapayapaan. Idineklara ng NDF na wala na talagang maaasahan sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa rehimeng Arroyo.

Nagbanta na rin ang Malakanyang na kung itutuloy ng oposisyon ang pagpapanukala ng panibagong reklamong *impeachment* sa Kongreso, susupilin din ito ng gubyerno nang tulad ng paggapi nito sa tangkang kudeta—ibig sabihi'y sa pamamagitan ng pagtugis, pang-aaresto at pagsiil sa mga mangunguna sa *impeachment*.

Patuloy na pinipigilan ng rehimen ang malawakang pagkilos ng mamamayan sa tangkang idiskaril ang kilusang anti-Arroyo. Lalong sumahol ang mga pagpigil nito sa paglulunsad ng mga kilos protesta. Ipinadampot nito si Rep. Risa Baraquel sa rali ng kababaihan noong Marso 8. Dinakip din si Corazon "Dinky" Soliman at Vicente Romano, mga lider ng Black and White Movement sa sama-samang paglalakad sa Baywalk sa tabing dagat ng Manila Bay nitong Marso 17 sa kasong "iligal na pagtitipon."

Binabantaan nito ang mamamayan laban sa paglulunsad ng mga pagkilos sa Marso 31 at Mayo 1 sa pagdadahilang sa mga araw na ito nakatakda ang mga susunod na tangkang kudeta. Pinangangambahan ng rehimen na ang tradisyunal na malaking pagtitipon para sa paggunita ng mga manggagawa sa Araw ng Paggawa ay maaaring humantong sa isang pag-aalsa.

Dagdag pang panakot ang inihahanda nito ngayong malaking kulungan sa Tanay, Rizal para umano sa mga kumakalaban sa paghaharing Arroyo.

Si Ka Bel at ang Batasan 5

uluy-tuloy ang panggigipit sa mga progresibong pwersa at ligal na oposisyon, pangunahin na ang mga maslider at kinatawan sa Kongreso ng mga progresibong partido.

Nakabimbin hanggang ngayon si Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran, kinatawan ng Anakpawis, sa kabila ng pag-uutos ng Quezon City Regional Trial Court na palayain siya noong Marso 13. Ayon sa korte, walang sapat na batayan ang kasong sedisyon na isinampa Justice (DOJ) at may bisa ang kanyang parliamentary immunity bilang isang kongresista. Pinuna ng korte ang pagkakadakip kay Ka Bel ng mga elemento ng PNP CIDG nang walang mandamyento noong Pebrero 25. Nauna rito, ginamit ang paso nang kasong rebelyon bilang katwiran sa pag-aresto sa kanya.

Gayunpaman, tumatanggi ang PNP na palayain si Ka Bel sa batayan ng bagong gawa-gawang paratang na siya'y kasabwat sa plano umanong kudeta ng mga



ito, nagsampa ng kaso ang Council for the Defense of Liberties (CODAL) laban kay Arroyo sa UN Human Rights Committee at sa Working Group for Arbitrary Detention sa Geneva, Switzerland dahil sa iligal na pag-aresto at arbitraryong pagbibimbin kay Ka Bel.

Malawakang batikos naman ang sumalubong sa DOJ sa paghaharap nito ng isa umanong saksi laban sa mga progresibong kongresista. Isang Jaime Beltran Fuentes, na nagpakilalang "security chief" ni Vicente Ladlad, Executive Director ng Bayan Muna, ang humarap sa "preliminary investigation" na ginanap sa gusali ng Kongreso noong Marso 13. Ngunit wala ni isa sa mga kinasuhan at sinumang may kauqnayan sa mga organisasyon at pwersang kinakatawan nila ang nakakakilala kay Fuentes. Isinangkot ni Fuentes maging si dating Social Welfare Secretary Dinky Soliman ng Black and White Movement sa umano'y nakasabwat ng mga progresibong kongresista sa pagbabalak ng kudeta. Pati ang Kodao, isang lehitimong organisasyong midya, ay inakusahan din niyang "prente ng PKP."

Nalantad naman na tahasang kasinungalingan ang salaysay ng isang Ruel Escala na nakasaksi diumano sa pakikipagkita ng anim na representate kay 1Lt. Lawrence San Juan sa Batangas noong Pebrero 20. Batay sa mga rekord ng Kongreso, dumadalo sa pulong ng isang magkasanib na komite ng Kongreso at Senado ang anim na kongresista noong araw na iyon.

Papasok na sa pang-apat na linggo ang pagkakabimbin sa Kongreso ng tinaguriang "Batasan 5" at pananatili ni Ka Bel sa Camp Crame. Habang tumatagal, patuloy na umaani ng suporta ang mga kongresistang iniipit ng gubyernong Arroyo. Nagpahayag ng kahandaan ang Senado na saluhin at

bigyang-proteksyon ang limang kongresista sa harap ng mga pahiwatig ng pamunuan ng Kongreso na aalisin na ang proteksyon ng Kongreso sa kanila. Binisita rin kamakailan ni Bro. Eddie Villanueva si Ka Bel at nanawagang palayain na ang kongresista.

Sa iba't ibang bansa, patuloy ang paglulunsad ng mga pagkilos upang igiit ang pagpapalaya sa anim na kongresista. Tuluy-tuloy ang pagpapaabot ng suporta at pakikiisa ng mga internasyunal na

grupo, mga dayuhang partidong pulitikal at mga upisyal. Kabilang sa mga nagpahayag ng pagkabahala si Prime Minister Helen Clark ng New Zealand sa mga ulat tungkol sa laganap na paglabag sa mga karapatang-tao sa Pilipinas, sa mga kwestyon sa pagdedeklara ng "state of national emergency" at iba

pang mga mapanupil na patakaran ng rehimen at sa patuloy na pagkukulong sa anim na kongresista.

Nagpahayag din ng pagkabahala sa anito'y kwestyunableng mga pag-aaresto at pagsikil sa kalayaan sa pamamahayag ang gubyerno ng Norway, na nagsisilbi ring third party facilitator sa usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP. Bukod sa Norway, pinasisiyasat din ng anim na myembro ng mga parlamento ng Belgium at The Netherlands sa kani-kanilang mga gubyerno ang laganap na mga kaso ng paglabag ng rehimeng Arroyo sa mga karapatang-tao. Nagpadala rin ng sulat sa rehimeng Arroyo ang Swiss Labour Party noong Marso 7 hingqil dito.

Samantala, lumalakas din ang pandaigdigang suporta kay Ka Bel at sa "Batasan 5." Kabilang sa mga nagpahayag ng suporta ang pangulo ng Presbyterian Church ng US at pangulo rin ng World Alliance of Reformed Churches na si Rev. Dr. Clifton Kirpatrick. Nakapag-ipon ang koalisyon ng Bayan Muna ng 302 lagda ng iba't ibang punong simbahan at mga coordinator ng karapatang-tao ng US. Nagpahayag ng pakikiisa ang pangulo ng National Christian Council of Japan at 32 pang grupong Protestante roon. Nagpahayag din

ng katulad na suporta ang marami ring mga kapwa mambabatas at mga organisasyon sa paggawa, mga progresibong partido at organisasyon, mga taong simbahan, mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao at kalayaang sibil at iba pa.

Dagdag pa sa anim na kongresista, walong lider ng mga

progresibong grupo sa Davao City ang kinasuhan ng rehimen nitong Marso 18 ng pagkakasangkot sa kasong sedisyon at rebelyon na isinasampa kay Rep. Joel Virador, isa sa "Batasan 5."

Tuluy-tuloy din ang panggigipit ni Arroyo sa iba pa niyang kalaban sa pulitika, kabilang ang malawakang pagtugis kay dating Sen. Gregorio Honasan na inaakusahan nitong lider ng mga grupong anti-Arroyo sa loob ng militar.

Hindi iilan ang mga upisyal ng AFP at PNP na tinanggal na ng rehimen at pamunuan ng AFP at PNP, ipinailalim sa imbestigasyon at binabalak na kasuhan. Nagpasya na rin ngayon ang rehimen na kasuhan si Gen. Danny Lim na pinaratangan nitong namuno sa tangka umanong kudeta.

Tuluy-tuloy
ang panggigipit sa
mga progresibong
pwersa at ligal
na oposisyon,
pangunahin na ang
mga maslider at
kinatawan sa
Kongreso ng mga
progresibong
partido.

Panunupil sa masmidya

uluy-tuloy ang pagbabanta at panggigipit ng rehimen sa mga elemento sa masmidya na di natitinag sa kanilang paglalabas ng katotohanan at mga pagbatikos sa rehimen. Katulad ng naging taktika laban sa mga progresibong indibidwal at grupo, binabantaan ng rehimen ng mga gawa-gawang kaso ang mga mamamahayag at tuluytuloy silang minamanmanan. Patuloy ding naglalabas ang rehimen ng mga patakaran at hakbang para mabigyan ng ligal na batayan ang qinaqawa nitonq panqqiqipit sa masmidva.

Ipinasara ng rehimen no-

ong Pebrero 24 ang "Ngayon Na Bayan," isang premyadong programa sa radyo ng Kodao Productions. Kilala ang programang ito sa progresibo at maka-mamamayang oryentasyon at pagpuna sa rehimeng Arroyo.

Tuluy-tuloy din ang pagbabanta at pagmamanman ng Malakanyang laban sa mga mamamahayag ng *The Daily Tribune*, Philippine Center for Investigative Journalism, *Philippine Daily Inquirer* at mga brodkaster ng ABC 5 at ABS-CBN, na pawang aktibo sa pagla-

lantad ng mga anomalyang kinasasangkutan
ng rehimen. Inamin
mismo ng rehimen na
mahigpit nilang minamanmanan hindi
lamang ang mga
inilalabas ng naturang mamamahayag, kundi pati ang
kanilang

kilos. Ang iba sa

mga pag-

kanila, katulad ni Sheila

MEDIA

Coronel, executive director ng PCIJ, ay kinasuhan na ng sedisyon.

Sa pagdinig ng Senado ukol sa Proclamation 1017 nitong Marso 9, ibinunyag ni Maria Ressa, news director ng ABS-CBN, na tinawagan siya ni Gloria Arroyo at inutusang itigil na ang kanilang pagkober sa protesta ng Philippine Marines sa Fort Bonifacio noong Pebrero 26. Sinikap na lamang magpalusot ng Malakanyang sa pagsasabing hindi naman iyon isang "tuwirang order" kundi isa lamang pakiusap sa interes ng pambansang seguridad.

Sa parehong pagdinig sa Senado, binatikos din ng mga senador ang paggamit ng Malakanyang sa National Telecommunications Commission para sikilin ang kalayaan sa pamamahayaq. Kabilang sa mga tinukoy na paraan sa paninikil ang pagpapataw ng "prior restraint" (pagbabawal bago pa man ilabas) sa mga pahayag, pagpapataw ng iba't ibang alituntunin na kailangang sundin ng mga mamamahayag at pagtatalaga ng NTC ng mga pwersa ng AFP at PNP para bantayan ang midya. Sa pamamagitan ng nasabing mga alituntunin, patuloy na qinaqamit nq NTC ang kapangyarihan nitong kagyat na putulin at itiqil ang anumang brod-

Walang habas ang pamamaslang

along bumabangis ang pasistang halimaw sa labas ng pambansang kabisera. Tuluy-tuloy ang walang pakundangang pamamaslang sa mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon at militarisasyon ng mga komunidad na inaakusahan nitong sumusuporta sa armadong rebolusyon.

Labis-labis ang kalupitan ng militar sa Central Luzon. Binansagan na itong *killing fields* matapos ang malawakang pamamaslang sa mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon.

Nitong Marso 20, tinambangan ng mga death squad na pinatatakbo ng militar ang pamilyang Abelon sa Barangay San Pablo, Castillejos, Zambales. Kaagad na napatay si Agnes Abelon, 30 at ang kanyang

limang taong gulang na anak na si John Elvis. Malubha namang nasugatan ang amang si Amante Abelon na nagtamo ng maraming tama ng bala. Tumatayong provincial coordinator ng Anakpawis sa Zambales at pangalawang pangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon si G. Abelon.

Noong Marso 8, pinaslang ng militar si Crisanto Teodoro, tagapangulo ng Bayan-Bulacan sa hangganan ng Plaridel at Malolos, Bulacan. Kasamang bumibyahe ni Teodoro ang kanyang asawa nang barilin siya ng mga nakamotorsiklong lalaki.

Si Teodoro ang ika-25 aktibista sa Bulacan na pinatay ng mga *death squad* ng AFP mula nang italaga sa Central Luzon si Gen. Jovito Palparan noong Oktubre 2005. Umaabot na sa 95 mga myembro ng mga progresibong organisasyon sa Bulacan ang pinapaslang mula nang maupo si Arroyo sa pwesto.

Noong madaling araw ng Marso 18, walang awa ring pinaslang ng mga death squad si Tirso Cruz, 33,

myembro ng Board of Directors ng United Luisita Workers Union (ULWU) at barangay kagawad ng Pando, Concepcion, Tarlac. Si Cruz ay ika-14 nang manggagawa sa Hacienda Luisita na pinaslang ng militar. Isa rin siyang susing

saksi sa naganap na

masaker sa mga manggagawa sa asyenda noong Nobyembre 16, 2004. Malaon nang binabantaan ng militar si Cruz kaugnay ng kanyang pusisyon sa laban ng Hacienda Luisita. May ilang pagkakataon na

> ring pilit siyang pinaaaming myembro ng BHB.

Naghahari ang pasistang lagim sa mga bayan ng San Ildefonso at San Rafael sa Bulacan, Pinasisimunuan ni

Bulacan. Pinasisimunuan ni Gen. Jovito Palparan, kumander ng 7th ID at punong berdugo ni Gloria Arroyo, ang mga abusong militar.

Noong Marso 4, dinukot ng militar si Rogelio Concepcion, presidente ng unyon ng Solidstate Inc., isang pagawaan ng sinulid sa San Ildefonso. Hanggang ngayon ay di pa siya inililitaw at pinangangambahang pinatay na rin ng mga berdugo. Apatnapu't walong iba pang myembro ng unyon ang inihanay ng militar sa kanilang "wanted list" kaya napilitan na silang magtago.

Nagpapatupad ang militar ng curfew sa dalawang bayang ito, kung saan inoobliga ang lahat na manatili sa loob ng bahay pagsapit ng alas-10 ng gabi. Ang mga residente ay pinagdadala ng sedula at lahat ng hindi kilala sa lugar ay tinututukan at sinisita ng mga sundalong nagroronda. Iniikot ni General Palparan mismo ang iba't ibang barangay at ipinatatawag ang mga tao sa mga pagpupulong. Ang mga hindi makadalo ay agad na pinaghihinalaan.

Ayon sa mga residente, nagsimula ang pinakahuling serye ng pamamaslang at militarisasyon sa kanilang mga bayan matapos ang isang matagumpay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan sa kalapit na lugar noong Enero 29

Bilang ganti, pinatay ng militar sina Ricardo Valmocina at dalawa niyang katulong sa kanyang manukan sa San Ildefonso noong Pebrero 1. Kasabay nito ay dinukot ng militar ang dalawang anak na lalaki ni Valmocina na pinangangambahang pinatay na rin. Bago ito, inakusahan na ng militar na tagasuporta ng BHB si Valmocina. Ilang metro lamang ang layo ng manukan ni Valmocina sa isang detatsment ng mga sundalo. Walang nailunsad na anumang imbestigasyon at wala rin ni isang hakbang na ginawa para maparusahan ang mga salarin.

Dalawang linggo matapos ang Valmocina masaker, dinukot ng mga militar ang magkapatid na sina Reynaldo at Raymond Manalo. Hindi pa rin sila natatagpuan

Ika-38 anibersaryo ng Jabidah Massacre, ginunita

Ginunita ng iba't ibang organisasyong Moro ang ika-38 anibersaryo ng Jabidah Massacre sa pamamagitan ng paglulunsad noong Marso 17 ng mga rali at iba pang aktibidad. Pinangunahan ng Khadidja, Liga ng Kabataang Moro, Suara Bangsamoro at iba pang organisasyong Moro ang paggunita sa masaker na naganap noong Marso 18, 1968. Iniutos ng diktador na si Ferdinand Marcos ang pagpatay sa di bababa sa 28 lalaking Moro na lihim na sinasanay noon sa isla ng Corregidor para salakayin ang Sabah, Malaysia na noo'y inaangkin bilang bahagi ng Pilipinas. Tumutol ang mga nagsasanay na Moro nang mapag-alaman nila ang kanilang misyon, kaya agad silang pinaslang. Nabunyag ang masaker dahil may isang nakaligtas sa mga biktima.

Ang Jabidah Massacre ay isa sa mga nagsilbing mitsa sa pagputok ng armadong pakikibaka ng mamamayang Moro noong dekada 1970.

Ayon sa Moro-Christian People's Alliance (MCPA), ginugunita ng mamamayang Moro ang masaker dahil sa paghanga at paggalang nila sa ipinakitang kabayanihan ng mga biktima laban sa panlilinlang at pagkakanulo ng gubyerno. Ayon naman sa Khadidja, di lamang ang mga biktima ng Jabidah Massacre ang hindi pa nagtatamo ng katarungan. Anito, patuloy ang diskriminasyon, sapilitang ebakwasyon, masaker at iba pang paglabag sa karapatang-tao ng mamamayang Moro, laluna kaugnay ng RP-US Balikatan *exercises*.

Iniulat nitong Marso 14 ng Commission on Human Rights-Western Mindanao na umaabot na sa anim na Moro sa Jolo ang pinatay ng militar at kanilang mga *death squad* mula Enero dahil sa kanilang pamumuno sa mga aksyong protesta laban sa Balikatan.

hanggang ngayon.

Sinundan ito ng pagpaslang kay Danilo Fajardo, isang barangay tanod. Kinabukasan, binaril ng mga armadong lalaki si Santiago Francisco, isang negosyante, sa sentro ng San Ildefonso.

Samantala, bilang gantimpala sa paninilbihan ni Palparan bilang pangunahing pasistang berdugo ng rehimen, qinawaran siya ng Distinquished Medal Award sa paqdiriwang ng anibersaryo ng Philippine Army nitong Marso 20. Ito ang pinakamataas na parangal na hindi pangkombat na iginagawad ng AFP sa isang sundalo.

Sa Legazpi City naman, pinatay nitong Marso 19 si Cris Hugo, 20, estudyante sa Bicol University at regional coordinator ng League of Filipino Students.

Noong araw ding iyon, dinukot mula sa kanyang upisina at tinakot ng militar si Reunil Mortejo sa Davao City. Si Mortejo, tserman ng Anakpawis sa Davao City, ay pinagsabihang itigil na niya ang kanyang mga aktibidad bago pinakawalan.

Sa Bohol, pinaslang nitong Marso 7 sa Barangay Abaca, Mabini si Nestor Aringue, tagapangulo ng Hugpong sa mga Mag-uuma sa Mabini, kapatid na organisasyon ng Hugpong sa mga Mag-uumang Bol-anon-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Sa dalas at dami na ng mga kaso ng pamamaslang sa mga progresibo, ni hindi na ito mabalewala maging ng mga internasyunal na grupo. Nagpahayag ng matinding pagkabahala kaugnay nito ang Amnesty International. Direkta nitong binatikos ngayong Marso ang patakaran ng rehimen ng malisyosong pag-uugnay ng mga progresibong pwersa sa armadong rebolusyon na qinaqamit na batayan ng mga berdugo sa loob ng reaksyunaryong hukbo sa walang pakundangang pamamaslang at malawakang paglabag sa karapatangtao.

Tuloy ang laban upang patalsikin ang rehimen



kilusang magpapatalsik kay Arroyo sa harap ng mga pasistang maniobra at tumitinding pag-atake ng rehimen sa mga demokratikong pwersa at mga kalaban niya sa pulitika. Patuloy ang paglawak nito, ang paggigiit ng karapatan nitong magpahayag at magprotesta, ang paglilikha ng iba't ibang anyo ng protesta at paglaban at ang paggigiit na patalsikin ang rehimen.

Sa kabila ng banta ng pangaaresto at pambubuwag ni Arroyo, tuluy-tuloy na nagsasagawa ang iba't ibang sektor at organisasyon White Movement ang "Black Friday ng mga protesta sa loob ng mga paaralan, mga upisina at sa lansangan.

Umabot sa 15,000 and nagmartsa noong Marso 8, Araw ng Kababaihan, sa Ayala Avenue sa Makati City, Noong Marso 14, nagsagawa ng vigil ang mga mamama-

i natitinag ang malawak na hayag sa upisina ng National Union of Journalists of the Philippines. Nitong Marso 17, daan-daang estudyante at guro ng University of the Philippines sa Diliman, Quezon City and nadsadawa nd walkout upang ipahayag ang kanilang pagkamuhi sa rehimeng Arroyo. Patuloy pa rin ang iba't ibang anyo ng araw-araw na mga pagkilos ng mga estudyante at quro sa pamantasan laban sa panunupil na ginagawa ng rehimen at para palaganapin ang panawagan sa pagbabagsak sa rehimen.

> Inilunsad naman ng Black and Protests" na isinasagawa kada Byernes, alas-6 hanggang alas-6:30 ng gabi. Kinatatampukan ito ng mga dagliang pagkilos sa matataong lugar suot ang itim na damit at iba pang simbolo ng pag-

Sundan sa "Patuloy...," sa pahina 9



23 armas nasamsam sa mga reyd ng BHB

alawampu't tatlong iba't ibang armas ang nasamsam sa apat na reyd na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang munisipalidad nitong Marso. Samantala, 34 na elemento ng kaaway ang napatay o nasugatan sa iba pang armadong aksyon ng BHB sa panahon ding ito.

Sa Misamis Occidental. Limang M16 ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng BHB nang salakayin nila ang istasyon ng pulisya sa bayan ng Sapang Dalaga bandang alas-5 ng Marso 20.

Sa Negros. Siyam na armas ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng Boy Gatmaitan Command ng BHB-Negros nang salakayin nila ang detatsment ng PNP 1st Provincial Mobile Group sa Sityo Malasibog, Barangay Binubohan, Escalante City sa Negros Occidental nitong Marso 19. Hindi na nakapanlaban ang mga tropa ng gubyerno dahil itinaon ng BHB ang pagsalakay habang nag-aalmusal ang dalawang pulis at walong

kasapi ng Civilian Volunteer Organization bandang alas-6 ng umaga.

Kabilang sa siyam na sandatang nakumpiska ng BHB ang isang M60 masinggan, dalawang M16, dalawang M14, tatlong garan at isang pistolang .45.

Sa Zambales. Matagumpay na naisagawa ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang walang putok na reyd sa isang istasyon ng pulisya sa Botolan, Zambales noong Marso 18.

Upang madaling makapasok sa istasyon, unang nagpanggap ang tatlong mandirigma na magsusumbong ng isang krimen sa pulisya. Habang iniimbestigahan ng mga pulis ang reklamo, dumating naman ang tatlo pang mandirigma na nagpanggap na mga imbestigador ng National Bureau of Investigation. Sinundan sila ng 12 pang mandirigma na nakauniporme rin ng NBI. Nagulat na lamang ang

mga pulis nang kumilos ang mga ito upang disarmahan sila. Tumagal lamang nang limang minuto ang buong pangyayari.

Mabilis na nakaatras ang mga mandirigma dala ang tatlong M16, dalawang pistolang 9 mm, mga bala at *base radio* ng Botolan PNP.

Dahil dito, tinanggal ni PNP Director General Arturo Lomibao sa kanilang mga pwesto ang *provincial director* ng Zambales at ang hepe ng pulisya ng Botolan. Pinalitan din ng PNP Provincial Mobile Group ang 24 na kasapi ng Botolan PNP.

Sa Ilocos-Cordillera Region. Di bababa sa 14 ang kaswalting tinamo ng kaaway sa tatlong armadong aksyong inilunsad ng BHB sa Ilocos-Cordillera Region nitong Marso.

Sa Kalinga, matagumpay na tinambangan ng isang yunit ng BHB ang mga tropa ng 21st IB sa Sityo Balalao, Barangay Mabelong, Lubuagan nitong Marso 14. Tinamaan at napatay dito si 1Lt. Homer Torres, ang tumatayong kumander ng naturang yunit.

Sa hangganan ng Abra, Ilocos Sur at Mountain Province, nakasagupa ng isang tim ng BHB ang mga elemento ng 50th IB sa isang burol sa Barangay Mugao noong araw ding iyon. Batay sa mga panimulang ulat, di bababa sa sampung

"Patuloy...," mula sa pahina 8

laban sa rehimeng Arroyo.

Naglunsad ng pangkalahatang asembliya ang Liberal Party noong Marso 17 sa pamumuno nina Senate Pres. Franklin Drilon at Sen. Francis Pangilinan at idineklara nilang tiwalag na sa partido ang mga pasimuno ng pagtitipon umano ng partido na pinamunuan ng mga pro-Arroyo na sina Lito Atienza at Mike Defensor.

Sa Senado, tuluy-tuloy ang mga imbestigasyon laban sa mga pasistang batas, sa mga katiwalian at sa mga pandaraya sa eleksyon ni Arroyo. Kinundena ng Senado ang mga kalabisan ng rehimen sa pagpapatupad ng PP 1017.

Sa Korte Suprema, patuloy na iginigiit ng mga abugado at mga oposisyunista ang iligalidad ng PP 1017 at iba pang mapanupil na dikreto ni Arroyo. Nitong huli, sinibak ng Malakanyang si Alfredo Benipayo bilang solicitor-general (punong abugado ng gubyerno) dahil hindi niya naipagtanggol ang ligalidad ng PP 1017 at bagkus ay inamin pa niyang maraming kahinaan at kamalian sa pagsasakatuparan nito. Aniya, bagamat walang probisyon ang PP 1017 na nagpapahintulot ng mga pag-aresto, reyd, panghahalughog at pangungumpiska nang walang mandamyento, nagamit pa rin itong instrumento gayundin ang kaakibat na General Order No. 5 at No. 6 sa maraming pangaabuso at paglabag sa mga karapatan at kalayaan ng mamamayan.

sundalo ang napatay o nasugatan. Naunang naabot ng isang tim ng BHB ang mas mataas na bahagi ng burol kaya nakapangibabaw sila sa kabila ng di hamak na mas malaking bilang ng mga elemento ng AFP.

Sa Mountain Province, tinambangan ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Leonardo Pacsi Command (LPC) and isand yunit no 54th IB sa Sityo Pegew, Tetep-an Sur, Sagada noong Marso 10. Tatlong sundalo ang naiulat na napatay. Ang pananambang na ito ay pagpaparusa sa mga tropang naglunsad ng operasyong militar noong Marso 3 sa mga barangay ng Mainit, Gutang, Baliko, Sityo Pakad at Bugang sa Sagada. Hinarang at ininteroga ng mga sundalo ang lahat ng dumaraang magsasaka at inakusahan silang tagasuporta ng BHB. Hindi sila pinayagang pumunta sa kanilang komunal na pastuhan at taniman. Pati pagkaing baon nila ay kinumpiska ng mga tropa ng Philippine Army.

Sa Agusan del Sur. Tatlong sundalo ang napatay, kabilang ang isang tinyente, nang pasabugan ng mga gerilya ng BHB ng land mine ang isang grupo ng militar sa hangganan ng mga baryo ng Don Pedro at Dimasalang sa San Luis, Agusan del Sur nitong Marso 12. Limang iba pang sundalo ang nasugatan, ayon sa mga panimulang ulat.

Sa Southern Mindanao. Tatlong sundalo ang napatay at siyam pang elemento ng kaaway ang nasugatan sa tatlong magkakahiwalay na taktikal na opensiba ng BHB sa dalawang larangang gerilya sa Southern Mindanao nitong Marso 9.

Sa isang pahayag, sinabi ni Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng Merardo Arce Command na dalawang sundalo ang napatay nang ambusin ng mga Pulang mandirigma mula sa Front 2 ang pinagsanib

Cecilio Mariano: Sundalo ng AFP, naging magiting na kumander ng BHB

Isa sa mga naging bantog na Pulang kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Cagayan Valley noong huling hati ng dekada 1970 hanggang unang hati ng dekada 1980 si Cecilio "Ka Raffy" Mariano. Dati siyang sundalo ng 4th IB na sumunod sa halimbawa ni Crispin Tagamolila na namulat, lumisan sa reaksyunaryong hukbo at umanib sa tunay na hukbo ng mamamayan.

Tubong Nueva Ecija si Ka Raffy. Nakatalaga siya sa Basilan noong kasagsagan ng madugong kampanya ng diktadurang Marcos laban sa mamamayang Moro kaya beterano siya ng pakikidigma laban sa MNLF.

Namuhi siya sa AFP nang masaksihan niya ang mga karahasan nito sa Basilan, laluna sa mga walang labang sibilyang Moro. Nagpasya siyang umalis sa Philippine Army, laluna nang malapit nang matapos ang kanyang tour of duty at napag-alaman niyang pipilitin siya ng mga upisyal-militar na magsundalo muli. Habang nagbabakasyon siya sa kanyang mga kamag-anak sa Isabela noong 1976, nakaugnayan niya ang lokal na yunit ng BHB at

Sundan sa "Cecilio," sa pahina 11

na mga pwersa mula sa 28th IB, Philippine National Police at CAFGU bandang alas-12 ng tanghali sa Sityo Darot, Barangay Libodon, Mabini, Compostela Valley. Isa pang sundalo, isang elemento ng CAFGU at dalawang pulis ang nasugatan.

Bandang alas-5:30 ng hapon noong araw ding iyon, dalawang pulis ang nasugatan nang tambangan ng isang tim mula sa 3rd Pulang Bagani Company ang tropang reimporsment mula sa PNP sa Km. 11, Barangay Cabuoyan, Mabini. Papunta sana ang mga pulis sa Sityo Darot.

Sa Baganga, Davao Oriental, hinaras ng isang tim mula sa Front 15 ang mga elemento ng 67th IB na katatapos lamang magtayo ng detatsment sa Sityo Ulin, Barangay Mahan-ob. Isang sundalo ang napatay at tatlo ang nasugatan, kabilang ang dalawang sarhento.

Walang natamong anumang kaswalti ang BHB sa mga labanang

ito.

Samantala, mga walang labang sibilyan ang ginantihan ng kaaway matapos mapahiya sa tatlong magkakasunod na pagkatalo sa BHB sa loob lamang ng isang araw. Sinunog ng mga elemento ng 28th IB ang mga bahay ng limang sibilyang sina Ben Deola, Junie Granada, Montano Anuda, Gabriel Ogapang at Sumbie Subo, pawang taga-Sityo Darot. Ang mga biktima, na pinaratangang tagasuporta ng BHB ay pinagnakawan din ng mga pasista.

Sa Cagayan. Di bababa sa apat na armas ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng BHB nang walang putok nilang salakayin ang detatsment ng Philippine National Police sa Barangay Baybayog, Alcala noong gabi ng Marso 9. Ayon sa mga panimulang ulat, nakakumpiska ang BHB ng dalawang ripleng M16 at dalawang pistolang 9 mm. ME

nakipagpalitan ng mga ideya. Hindi naglaon, nagdesisyon siyang sumapi sa BHB dala ang kanyang armas.

Malugod siyang tinanggap bilang mandirigma. Isang kasamang malapit sa kanya ang namahala sa kanyang integrasyon sa Pulang hukbo at pagsasanay sa gawaing masa.

Sa Timog Isabela unang kumilos si Ka Raffy.

Noong 1978, inilipat si Ka Raffy sa mga pinagpapalawakang erya sa Cagayan. Binuo noong 1979 ang unang iskwad gerilya sa prubinsya. Nakita ng mga kasama na napanday na si Ka Raffy sa gawaing masa, kaya itinalaga na siya sa gawaing pagsasanay-militar. Itinalaga rin siyang giyang pampulitika ng iskwad.

Bilang instruktor-militar, malaki ang naitulong ni Ka Raffy sa pagbubuo ng kurikulum militar at pagbibigay ng pagsasanay-militar sa Cagayan. Nagsilbi siyang instruktor sa mga pagsasanay ng mga Pulang mandirigma roon mula noong 1980.

Naitaas din niya ang kanyang teoretikal na kaalaman. Masipag siyang tumulong sa paggawa ng Batayang Kursong Militar ng Cagayan Valley na nagamit din sa iba pang lugar ng Pilipinas noong 1980. Malaki ang naiambag niya sa BHB sa pagsusulong ng mga taktikal na opensiba mula 1979 hanggang 1982 sa rehiyon.

Malaking pagbabago ang naganap kay Ka Raffy sa kanyang pagkilos bilang mandirigma at kumander ng Pulang hukbo at tuluy-tuloy na pakikihalubilo sa masa. Taliwas sa antimasang oryentasyon ng pinagmulan niyang reaksyunaryong hukbo, palagian na niyang isinasaisip ang pangangalaga sa kapakanan ng masa. Isa siya sa mga mariing tumutol sa ilang kalabisan at pagluluwag sa disiplina ng hukbo na ibinunsod ng adbenturismong militar. Bunga ng pagpupunyagi ni Ka Raffy, naiwasto ang ilang maling praktika sa hanay ng mga rebolusyonaryo.

Nang magbuo ng yunit panlarangan ang Silangang Cagayan noong 1980, si Ka Raffy ang itinalagang kumander nito hanggang 1982. Nakapaglunsad sila ng matatagumpay na taktikal na opensiba sa Kanlurang Cagayan tulad ng mga ambus, pagdidisarma sa mga yunit ng CHDF at iba pang mga aksyong militar.

Muling itinalaga si Ka Raffy sa Isabela noong kainitan ng pakikibaka ng mamamayan laban sa pagagaw sa kanilang lupa sa Hacienda Sta. Isabel at San Antonio noong 1982. Naging kumander siya ng bagong buong platung gerilya ng BHB sa Isabela at tulad ng dati, sumulong ang mga taktikal na opensiba ng BHB rito. Nasawi siya sa isang ambus na lumipol sa dalawang platun ng Scout Rangers sa San Mariano noong 1984.

Ang "matagalang digma" ng US

Isinapubliko ng Department of Defense (DOD) ng US noong Pebrero ang 2006 Quadrennial Defense Review (QDR) na naglalahad ng bagong pandaigdigang estratehiyang militar ng US batay sa nakikita nitong mga banta sa pandaigdigang interes at seguridad ng US at pagtaya sa kakayahan at kapasidad ng armadong pwersa nito. Ang QDR na binubuo ng DOD at isinusumite sa Kongreso ng US kada apat na taon ay naglalatag ng direksyon at programa para sa armadong pwersa nito sa susunod na 20 taon.

Sa bungad pa lamang ng pinakahuling QDR, isinaad ng DOD na "Ang US ay isang bansang sangkot sa digmang magiging matagalan." Sinabi nitong maaring masangkot pa ang US sa maraming gera sa "maraming bansa sa isang panahon at sa loob ng maraming taon." Tinukoy nitong ang kasalukuyang mga gerang kinasasangkutan ng US sa Iraq at Afghanistan at ang ilulunsad pa nito sa hinaharap ay maaaring abutin ng 20 taon o mahigit pa.

Ipinalit ang konsepto ng "matagalang digma" sa dating konsepto ng "digmang madaling tinatapos" na siyang dala-dala ng mga estratehistang militar ng US mula katapusan ng Vietnam War at Cold War. Bukod sa ganap na pagkatalo ng US sa 15-taong pakikidigma nito sa Vietnam, nagbunsod rin ang gerang ito ng malawakang mga protesta at malalim na krisis sa US. Kaya naman mula noon ay sinikap ng US na



mga abanteng kagamitang pandigma nito laban sa mga bansang mas mahina sa usaping militar.

Tampok na halimbawa ang matagumpay na panggegera ng US sa Iraq na tinapos sa loob ng anim na linggo noong Enero-Pebrero 1991. Sa gerang iyon, ginamit ng US ang malaking superyoridad ng mga modernong armas nito. Mabilis ding tinapos ng US ang mga gera nito sa maliliit na bansang Panama, Haiti at Somalia, at relatibong mabilis din sa dating Yugoslavia.

May isang antas ng pagkunsidera sa QDR 2001 na posibleng tumagal ang mga inilulunsad ng US na "gerang anti-terorista." Ngunit sa kalakhan ay ipinagpalagay noon na kakayanin ng US na mabilisang talunin ang mga kalaban nito sa pamamagitan ng kumbinasyon ng mga panansalang pag-atake, mga pwersang nasa abanteng pusisyon o agad nailalarga kung saan may kalaban (forward deployed/expeditionary forces), mga presisong bira (precision strike) at superyoridad ng US kapwa sa mga kumbensyunal at mga high-tech na sandata.

Ang mga atake sa World Trade Center at Pentagon noong Setyembre 11, 2001 ay sinagpang ng US para maglunsad ng gera sa Afghanistan at Iraq at magbanta ng gera laban sa iba pang kabilang sa tinatawag nitong "axis of evil" (North Korea, Iran at Cuba). Sinakyan ng gubyernong Bush ang malawak na galit ng mamamayan sa terorismo. Sa likod ng islogang "gera laban sa terorismo," sinalakay at inokupa ng US ang mahihinang bansang Af-

ghanistan at Iraq sa layuning kontrolin ang suplay ng langis at pulitika sa Middle East at Central at South Asia.

Sa pamamagitan ng "shock and awe" (gulpi de gulat), sinikap ng US na maipagwagi kaagad ang mga gera nito. Subalit kapwa sa Iraq at Afghanistan, ang gerang inilunsad ng US ay hindi mabilisang natapos. Bagaman kaagad nagtagumpay sa paggapi sa mga nakatayong gubyerno, nagtatagal ang paggapi nito sa lahatang-panig na paglaban ng sinakop na mamamayan.

Katunayan, patuloy na dumarami ang mga kaswalti ng US at natatali ang US sa pagdedepensa sa sarili sa mga bayang ito. Hinaharap ng gubyernong Bush ang palakas nang palakas na panawagan ng mamamayang Amerikano na tapusin na ang digma at pauwiin na ang kanilang mga tropa.

Kaalinsabay, lumalaki ang pangamba ng gubyernong Bush sa maliliit ngunit malalakas na kalaban ng US, hindi lang sa Iraq at Afghanistan, kundi pati sa mga atrasadong bansa sa Africa, Asia at Latin America. Sa gayon, maaaring maobliga ang US na sabay-sabay na harapin ang maraming maliliit na gera sa maraming bansa sa mahabang panahon.

Upang ipatanggap sa mamamayang Amerikano ang katotohanan ng nagpapatuloy na tuwirang okupasyon ng mga tropang Amerikano sa Iraq at Afghanistan, at ang nakikitang posibleng pagkaimbwelto ng US sa iba pang mga digmaan sa iba't ibang panig ng daigdig sa

hinaharap, pinalalaganap ngayon ng DOD ang sinasabing "mahahabang digma" ng US.

Puspusang isinusulong ng gubyernong Bush ang "Proyekto para sa Isang Bagong Siglo ng Amerika" (Project for a New American Century) na kinatatampukan ng armadong agresyon at okupasyon ng mga nagsasariling bansa. Ito ang estratehiyang dati nang itinutulak ng mga ultra-Kanang elemento ng US bilang pangunahing paraan ng paglalatag ng imperyalistang hegemonya ng US sa buong mundo.

Tampok sa pinakahuling QDR ang sumusunod na layunin ng rehimeng Bush at ng kanyang ultra-Kanang pangkatin para sa armadong pwersa ng US: paggapi sa mga kalabang bansa at "mga pwersa ng insureksyon," mga "teroristang pwersa" at iba pang "pwersang di estado"; pagkontra sa mga sandatang nukleyar, biological at kemikal ng mga kalabang bansa; pagsisikap na pigilan ang paglakas at ekspansyon ng impluwensya at kapangyarihan ng malalaking independyenteng bansa tulad ng China, Russia at India; at paghihigpit sa loob ng US sa ngalan ng "pagtatanggol sa sariling bayan."

Sa apat na layuning ito, nagdiriin ang QDR sa una, ang paggapi sa mga kalabang estado at "pwersang di estado." Katulad ng 2001 QDR, lahat ng ito'y iniuugnay ng QDR sa "gera kontra-terorismo" na nagsangkalan sa mga teroristang atake noong Setyembre 11, 2001.

Pagdiriin sa special operations

Sinusubukan ng pinakabagong QDR na lumayo sa dating estratehiya na nagdiriin sa paggamit ng mga kumbensyunal na sandata tulad ng mga tangke, eroplano, barko at mga *missile* laban sa mga kalabang estado. Sa halip, nais nitong magpaunlad sa mga di kumbensyu-

Habang pinatataas ang kapasidad ng mga espesyal na pwersang makilos, patuloy na pinauunlad ng US ang mga gamit-militar at sandata na nakatuon sa posibleng regular na pakikipaglaban pa rin sa...malalaking estado na katunggali at hindi lubusang kontrolado ng US.

nal at di direktang pamamaraan ang militar ng US sa paggapi sa "terorismo" at pagpapasaklaw ng kapangyarihan nito. Ito diumano ang kailangan ng US para sa maraming direkta (hayag) at higit na mas marami pang di-direktang (lihim) operasyon na isasagawa ng mga pangkat kumando ng Special Operations Forces sa iba't ibang bansa. Kinatatampukan din ito ng reconnaissance at unmanned surveillance (paniniktik gamit ang mga high-tech na instrumento sa halip na tao), pagpapalawak ng sandatahang nabal para tuhugin ang mga ito, kasabay ang pagsasagawa ng maraming bira mula sa himpapawid.

Ang Special Operations Forces ng iba't ibang yunit ng US Armed Forces (tulad ng Delta Force at Navy SEALs) ay magsisilbing pangunahing pwersa sa "matagalang digma." Ang mga ito ang ginagamit ng US sa "gera laban sa terorismo" upang makatipon ng mga datos paniktik, maglunsad ng mga lihim na armadong aksyon at magsanay ng mga lokal na mersenaryong hukbo.

Sa nakaraang apat na taon, dumami na nang halos 81% ang mga operasyon ng Special Operations Forces ng US. Sa ilalim ng bagong QDR, pararamihin pa ang mga ito nang 33%. Bahagi nito ang pagbubuo ng bagong kumand para sa Special Operations Forces ng US Marines na mangangailangan ng 2,600 bagong tropa at karagdagang pang 3,500 para ituon sa psychological operations at "civil affairs."

Para maisagawa ang mga ito nang kahit sabay-sabay sa isang dosena o mahigit pang bansa, plano ng US na palakihin pa nang 15% ang sandatahang pwersa nito at magdagdag ng kaakibat na halaga sa badyet militar.

May plano ring magbaklas ng ilang baseng militar na nakatutok sa dating Soviet Union, magtayo ng iba't ibang tipo ng mga base militar sa mas maraming kaibigang bansa, at bigyang-diin ang kakayahang mabilis na makapagdeploy ng mga armadong pwersa saan mang sulok ng mundo.

Palalakasin din ang pangangalap ng human at signal intelligence. Maqpaparami ng mga espiya sa loob kapwa ng mga kaibigan at kalabang bansa. Magtatayo ng isang sentrong paniktik na nakabase sa NATO. Magpapalakas ng kapasidad at saklaw ng kanilang mga radar sa kalawakan at papalawakin ang qlobal information grid (isang lihim na pandaigdigang lambat para sa pangangalap, pagtitipon at pagpapaabot ng mga impormasyon sa mga kinakailangang yunit). Gayundin, itinutulak ng QDR ang pagpapaunlad ng kakayahan ng mga tropang paniktik ng US sa pamamaqitan nq pagsasanay sa mga sundalo sa iba't ibang mga lenggwahe, tulad ng Arabic at Chinese.

Naghanay din ang QDR ng mga karagdagang armas na *high-tech* at espesyalisado para sa Special Operations Forces. Kabilang sa mga ito ang pagbili ng ilandaang unmanned surveillance aircraft (eroplanong paniktik na walang piloto) at pagbubuo ng isang buong plotang nabal sa ilalim ng Special Operations Forces ng US Air Force. Ang mga bagong gamit-militar at armas ay inaasahang magpapaunlad sa pleksibilidad at kakayahan ng US Armed Forces na manghimasok sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Habang pinatataas ang kapasidad ng mga espesyal na pwersang makilos, patuloy na pinauunlad ng US and mda damit-militar at sandata na nakatuon sa posibleng regular na pakikipaglaban pa rin sa China at iba pang malalaking estado na katunggali at hindi lubusang kontrolado ng US. Inirerekomenda rin ng QDR ang pagdoble ng mga barkong pandigma sa Pacific Ocean sa susunod ng apat na taon bilang pansuporta sa mga tropang nakapusisyon na roon at magsisilbi na ring babala at paghahanda sa anumang aksyon ng China. Pabor na pabor din naman ang mga planong ito sa mga dambuhalang kumpanyang gumagawa ng armas para sa qubyerno ng US.

1.5 milyon nagrali laban sa bagong patakaran sa paggawa sa France

Umabot sa 1.5 milyong kabataan at manggagawa ang humugos sa lansangan sa iba't ibang lunsod ng France nitong Marso 18 upang tutulan ang anti-manggagawa at anti-kabataang First Employment Contract (CPE). Mahigit 300,000 ang lumahok sa lunsod ng Paris at daan-daang libo pa sa mahigit 10 iba pang syudad. Umabot na sa 300 ang inaresto ng mga pulis sa loob lamang ng isang linggo.

Ang CPE ay bagong patakaran sa paggawa na magbibigay sa mga kapitalista ng kapangyarihang basta na lang tanggalin ang mga manggagawang wala pang 26 na taong gulang sa loob ng unang dalawang taon nila sa trabaho. Iginigiit ni Prime Minister Dominique de Villepin na ito ang solusyon sa malaking problema ng disempleyo sa bansa. Ang France ang isa sa mga bansa sa Europe na binabagabag ng mataas na tantos ng disempleyo. Umaabot sa 23% ng mga kabataan ang walang trabaho.



Lumalawak ang ligalig sa China

In the standard of the standar

Kinakaharap ng masang anakpawis sa China ang napakalulubhang problemang sosyo-ekonomiko: malawakang disempleyo, sahod na pantawid-gutom lamang, matarik na implasyon, mabibigat na buwis, burukratikong korapsyon, mataas na tantos ng usura, kawalan ng tirahan, pagtutulak ng droga, pamamalimos, prostitusyon ng kababaihan at kabataan at pagpatay sa mga sanggol na babae.

Matapos ang halos 30 taon ng panunumbalik ng kapitalismo, tumitingkad muli ang pagkakahati ng China sa nagsasamantala at pinagsasamantalahang mga uri. Habang may iilang nakapagpapalago ng kanilang kayamanan, ang napakalaking mayorya ng mamamayan ay dumaranas ng pagdarahop at pasakit.

Tuluy-tuloy na lumalala ang panlipunang ligalig sa buong China. Noong 1989, niyanig ang mahigit 80 lunsod ng mga pag-aalsang magsasaka at welga bunsod ng mga kapitalistang "reporma." Pagsapit ng 2003, tatlong milyong mamamayan ang nasangkot sa 58,000 iba't ibang uri ng pag-aalsa. Nagkaroon naman ng 74,000 kaguluhan sa publiko noong 2004, ayon mismo sa mga ulat ng gubyerno. Noong 2005, umabot sa 87,000 ang mga pag-aalsa at protestang masa.

Mayorya ng mga ito ay laban sa korapsyon sa gubyerno at iligal na pangungumpiska ng mga lupain. Inamin na mismo ni Premier Wen Jiabao na ang problema sa lupa ay isa sa pinakatampok na mga usaping kinakaharap ng mamamayang Tsino ngayon at siyang nagbubunsod ng malawakang mga pag-aalsa sa kanayunan. Tuluy-tuloy na sumisiklab ang mga ispontanyong pagaalsa kahit pa gamitin ng gubyernong China ang matindi at madugong panunupil.

Isa sa mga tampok na paq-aalsa ang naganap noong Disyembre 2005 sa timog China kung saan di bababa sa 20 katao ang minasaker ng pulisya. Mahiqit 50 pang taumbaryo ang nawawala matapos ang pamamaril.

Noong nag- odaang Enero sa Panlong, pusod on ng industriya sa odatimugan ng China, napatay ng mga

pwersang panseguridad ng estado ang isang 13 taong gulang na batang babae at mahigit 60 katao ang nasugatan nang marahas na buwagin ang hanay ng mga nagpoprotesta. Galit na galit ang mamamayan ng Panlong nang ibenta ng gubyerno ang kanilang mga lupain sa mga pribadong kumpanya para tayuan ng mga pabrika ng kemikal at tela. Pumayag sila noong una na kunin ng gubyerno ang kanilang lupa nang sabihing gagamitin iyon sa konstruksyon ng superhighway na mag-uugnay ng kani-

lang lugar sa lunsod ng Zhuhai sa pambansang kabisera ng Beijing.

Hindi lamang mga magsasaka sa kanayunan ang lumalahok sa pag-aalsa. Dumarami na ring manggagawang disgustado sa kanilang kaapihan ang naglulunsad ng iba't ibang porma ng protesta. Isa sa mga pinakamatingkad na halimbawa ang mga pag-aalsang manggagawa sa Daqing, ang itinuturing na modelo ng sosyalistang industrialisasyon sa China nang nabubuhay pa si Kasamang Mao Zedong.

Isang disyerto ang
Daqing sa prubinsya ng Heilongjiang nang unang
pasukin ng mga
manggagawa
noong 1958.
Sa pa-

m a -

magi-

t a n
ng kanilang lubos na pagmamahal sa uri at bayan
at komunistang dedikasyon, naging
mapanlikha, mapamaraan at episyente
ang mga manggagawa
sa pagtatayo ng mina ng

langis at pagsusuplay ng mahigit 67% ng pangangailangan ng China.

Kaya naman sila'y nagsilbing inspirasyon sa buong China. Ipinanawagan ni Mao Zedong noong 1964 na: "Sa industriya, matuto sa Daqing." Pero nabaligtad ang lahat ng ito mula nang maging rebisyunista ang namumunong partido at gubyerno ng China. Mula sa pagaari ng mga manggagawa, ang PetroChina na nagmamay-ari ng kumpanya sa Daqing ay pag-aari na ngayon ng mga kapitalista. Isa na

itong "modelo ng korporatisasyon" kung saan nangingibabaw ang interes ng mga kumprador kaysa mga manggagawa at mamamayan.

Lumaganap ang malalang korapsyon ng mga namamahalang kumprador, and naglalakihand sweldo, maluluhong pribilehiyo at iba pang pagpapakasasa at paglulustay nila sa mga aset ng kumpanya. Lubhang nagtaasan ang mga gastos sa operasyon at nagkandalugi-lugi ang kumpanya. Ang pinagbalingan ng bintang ay ang mga manggagawa. Mula noong 1999, mahigit 90,000 sa 300,000 manggagawa na ang pinagtatanggal sa Daging. Ayon sa isang nasisanteng manggagawa sa Daqing, "Pinatalsik tayo ng mga nasa itaas para mabiyayaan ang sarili ng mga taunang bonus na katumbas ng kikitain natin nang habambuhay."

Ang mga segurong pangkalusugan at iba pang mahahalagang benepisyo ng natitira pang mga manggagawa sa Daqing ay pinagtatanggal din. Itinigil ang subsidyo ng kumpanya sa air-conditioning (pagpapalamig sa mga tirahan nila sa kalagayang napakainit na disyerto ang kinalulugaran nito) at sobrang tinipid na rin ang iba pang gastos para sa kalusugan at kaqinhawahan ng mga manggagawa habang nasa trabaho. Ilang taong humihiling ng negosasyon ang mga manggagawa, pero nagbibingi-bingihan ang mga namamahala mula sa kumprador na manedyer hanggang sa mga pinuno ng gubyerno sa China.

Sumiklab noong 2002 ang malalaking kilos-protesta ng mga manggagawa sa Daqing at buong China. Umabot sa 50,000 manggagawa ng Daqing ang lumahok sa tatlongbuwang welga sa hilagang silangang China na nilahukan din ng 30,000 mula sa mga industriya ng metal at iba pang industriya sa kalapit na syudad ng Liaoyang. Sa unang pagkakataon mula nang mag-

hari ang mga rebisyunista, nakapaggiit ang isang unyon ng mga manggagawa ng kasarinlan sa kapitalistang estado. Binasag din nito ang rebisyunistang patakaran na pigilin ang ugnayan at koordinasyon sa pakikibaka ng mga manggagawa sa iba't ibang unyon at industriya.

Ang pagkilos sa Daqing ay nauulit sa iba't ibang panig ng China. Sa kabila ng paggamit ng mga pulis ng kamay na bakal laban sa mga nagpoprotesta at pagbibilanggo sa mga namumuno sa welga ay lalong lumakas ang mga protesta. Hindi natinag ang pakikibaka ng mga manggagawa sa Liaoyang Ferroallov Factory noong 2002. Sinuportahan ito ng 30,000 manggagawa mula sa anim pang industriya sa syudad. Umabot sa anim na buwan ang mga protesta na bumatikos sa korapsyon ng mga manedyer at lokal na pamahalaang bayan.

Noon ding 2002, nagmartsa ang ilampung libong nasisanteng manggagawa sa mga minahan ng karbon, planta ng semento, bakal at petrokemikal sa kalapit na lunsod ng Fushun. Marami sa kanila ay dating nagtatrabaho sa Tiger Platform Coal Mine kung saan 24,000 sa 30,000 manggagawa ang sinesante kapalit ng halagang katumbas ng kanilang taon ng serbisyo.

Upang hindi maobliga ang estado at mga kapitalista na maqbiqay ng suporta sa mga walang trabaho, alinsunod sa isang labing patakarang sosyalista, tinatawag ngayong xiagang o "natanggal subalit hindi upisyal na nawalan ng empleyo" ang mga sinisisanteng manggagawa. Dati rito ay obligado ang pagawaan na bigyan ng alawans na \$30 hanggang \$55 bawat buwan ang mga tinanggal sa trabaho hangga't wala silang nakikitang bagong hanapbuhay. Ngayon, isang buong halaga na lamang ang ibinibigay sa mga manggagawa pagkatanggal sa kanila.

Sa Fushun, tumanggap lamang ng \$4,400 ang mga minerong 20 taong nagtrabaho sa kumpanya (mababa pa sa ₱35 kada araw na serbisyo). Sa China ngayon, humigit-kumulang dalawang taon lamang ang itatagal ng gayong halaga kahit para lamang sa mga pinakasaligang pangangailangan para mabuhay ang isang tao.

Ang militanteng mga pagkilos ng mga manggagawa sa mga sentrong industriyal sa China ay tanda ng kanilang laganap na pagtutol sa mga pang-aabuso at pagsasamantalang kapitalista. Sa hanay ng proletaryado, ang mga manggagawa sa mga kumpanyang dating pag-aari ng estado ang pinakagalit dahil sila ang pangunahing tinatamaan ng mga tanggalan bunga ng mga pagkalugi, pagsasara at pribatisasyon ng mga industriya. Tuwirang saksi sila kung papaanong inaagaw ng burgesya ang pinagtatrabahuhan nilang mga empresang pag-aari ng buong publiko. Laganap din ang galit sa hanay ng mga manggagawa sa lumalawak na pribadong sektor, laluna't ang kanilang lakas-paggawa ay kapitalistang kalakal na at madali na silang sisantehin anumang oras.

Kalat-kalat pa at ispontanyo ang katangian ng mga pag-aalsang magsasaka at manggagawang naqaqanap nqayon sa China dahil sa kawalan ng tunay na partido komunistang magtataguyod sa interes ng proletaryado at iba pang anakpawis at mamumuno sa kanilang mga paglaban. Darating ang panahon na muling magbabangon ang uring manggagawa sa China, magoorganisa ng kanilang hanay at magpapatalsik sa burgesyang umagaw sa liderato ng Chinese Communist Party at ng sosyalistang estado at bumawi sa mga tagumpay ng masang anakpawis. ΑB

Taon XXXVII Blg. 6 Marso 21, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Paigtingin ang armadong pakikibaka!

■ahigpit na hinihingi sa lahat ng mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga kadre at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na uboskayang paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ito ang nararapat gawin ng BHB bilang tuqon sa malawak na panawaqang puksain ang pasistang halimaw sa Malakanyang, pasiglahin ang hayag at rebolusyonaryong kilusang masa at isulong ang digmang bayan tungo sa susunod na subyugto ng estratehikong depensiba.

Alinsunod sa atas ng Komite Sentral, ipinananawagan ng Partido sa lahat ng Pulang kumander at mandirigma ng BHB na patatagin ang determinasyon na panghawakan ang malakas na bwelo ng mga taktikal na opensiba.

Ituluy-tuloy ang serye ng mga taktikal na opensiba na sinimulan noong Setyembre 2005 na siyang pinakalaganap, pinakamasinsin at pinakasustinido mula noong 1992. Higitan pa natin ang dami at dalas ng mga nailunsad na taktikal na opensiba at ang bilang ng sandatang nasamsam. Ibayo pa nating itaas ang kasanayan ng mga Pulang mandirigma, lalong patatagin ang



kanilang militansya at palakasin ang diwang palaban ng mamamavan.

Ang bwelong ito ng mga taktikal na opensiba ng BHB ay malinaw na nagpapatunay na hinog ang mga kalagayang obhetibo at suhetibo para sa pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya. Napakainam ng kasalukuyang kalagayan at nakahihigit pa sa ilang aspeto kung ihahambing sa unang hati ng dekadang 1980 nang makamit ang malaking pagsikad ng armadong pakikibaka.

Labis ang kabangisan ng pasistang halimaw sa Malakanyang. Su-

balit sa likod ng matatalas at duguang mga pangil ni Gloria Arroyo, lubhang mahina at batbat ng sakit ang kanyang rehimen. Wala pang kapantay ang lalim ng sosyo-ekonomikong krisis na kinatatampukan ng laganap na kagutuman, matinding kasalatan, kabang-yamang walang laman, giba-gibang industriya at agrikultura at mas mataas na antas ng disempleyo.

Ang pangunahing mga armadong instrumento ni Arroyo ay niyayanig ng masidhing internal na alitan. Ang kontra-rebolusyonaryong digmang Bantay Laya mula 2001 ay bigo sa paggapi sa arma-

Mga tampok sa isyung ito...

Pasistang halimaw PAHINA 3

Walang habas na pamamaslang PAHINA 6 Lumalawak ang ligalig sa China

PAHINA 14

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang Advanced
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*